

Piliin ang titik ng tamang sagot.

1. Ano ang varayti ng wika na natatangi sa isang indibidwal?
A. Dayalek
B. Idyolek
C. Rehistro
D. Sosyolek
2. Alin sa mga sumusunod ang halimbawa ng pidgin?
A. Chavacano
B. Filipino
C. "Mother tongue"
D. Wikang panturo
3. Ang "bekimon" ay isang halimbawa ng anong uri ng sosyolek?
A. Gay lingo
B. Jejemon
C. Jargon
D. Conyo
4. Alin sa mga sumusunod ang HINDI kabilang sa sosyolek?
A. Conyo
B. Dayalek
C. Gay lingo
D. Jejemon
5. Anong tawag sa pansamantalang wikang nalilikha kapag nagkakausap ang dalawang taong may magkaibang unang wika?
A. Creole
B. Etnolek
C. Idyolek
D. Pidgin
6. Aling varayti ng wika ang nakabatay sa partikular na trabaho o larangan tulad ng medisina at batas?
A. Dayalek
B. Idyolek
C. Jargon
D. Rehistro
7. Si Aling Rosa ay nagsasalita ng Cebuano sa bahay, Tagalog sa palengke, at Ingles sa ospital kung saan siya nagtatrabaho bilang midwife. Ano ang tawag sa varayti ng wikang ginagamit niya batay sa situasyon?
A. Dayalek
B. Idyolek
C. Register
D. Sosyolek
8. Habang nagkalkase, narinig ni Ella ang kaibigang si JC na nagsabi ng "Grabe 'yung feels ko nung may exam sa Math, as in literal!". Anong uri ng sosyolek ito?
A. Conyo
B. Gay lingo
C. Jejemon
D. Jargon
9. Isang halimbawa ng etnolek ay ang paggamit ng salitang "bana" na nangangahulugang asawa sa kulturang Bisaya. Alin sa mga sumusunod ang tamang interpretasyon nito?
A. Ang "bana" ay teknikal na wika.
B. Ang "bana" ay rehiyonal na idyolek.

C. Ang "bana" ay etnikong wika na pinaghuhugutan ng etnolek.
D. Ang "bana" ay bahagi ng jejemon speak.

10. Isang bata na lumaki sa bahay na Ilokano ang gamit ngunit lumipat sa Maynila at nagsimulang gumamit ng Filipino sa paaralan. Aling varayti ng wika ang masasabi nating nadagdag sa kanyang gamit?
A. Creole
B. Dayalek
C. Pidgin
D. Sosyolek
11. "Hugot" lines gaya ng "Ang pag-ibig parang ulan, dumarating kapag walang dalang payong." — anong anyo ng varayti ang kadalasang ginagamit sa ganitong paraan ng pagpapahayag?
A. Idyolek
B. Jargon
C. Rehistro
D. Sosyolek
12. Bilang isang mag-aaral sa senior high school, paano mo magagamit ang pagkaunawa sa iba't ibang varayti ng wika upang mapabuti ang pakikisalamuha mo sa mga tao mula sa iba't ibang rehiyon at antas ng lipunan?
A. Sa pamamagitan ng pagtuturo sa kanila ng tamang gramatika.
B. Sa pamamagitan ng pag-unawa, pakikinig, at paggalang sa kanilang wika.
C. Sa pamamagitan ng pagsasabi ng mas magagandang salita kaysa sa kanila.
D. Sa pamamagitan ng pagpapatawa gamit ang varayti ng wika.
13. Ano ang matutulong ng pag-aaral ng pidgin at creole sa pagpapaunlad ng wikang pambansa?
A. Napapadali ang pag-aaral ng banyagang wika.
B. Nababawasan ang gamit ng katutubong wika.
C. Nauunawaan ang proseso ng pag-usbong ng bagong wika.
D. Nabibigyang-daan ang pagsasanay sa pagsusulat ng pormal.
14. Pumili ng pahayag na nagpapakita ng **pagkakaiba** ng pidgin at creole.
A. Ang pidgin ay unang wika, ang creole ay hiram.
B. Ang pidgin ay wikang pansamantalang, ang creole ay naging permanenteng wika ng grupo.
C. Parehong pormal na wika ang pidgin at creole.
D. Mas maraming gumagamit ng pidgin kaysa creole.
15. Bilang isang guro, paano mo epektibong ituturo ang varayti ng wika gamit ang **mga konteksto ng mga mag-aaral** sa iba't ibang lugar?
A. Gumamit ng social media posts bilang halimbawa.
B. Gumamit ng wika ng mga guro sa faculty room.
C. Iugnay ang mga halimbawa sa sariling karanasan ng mga mag-aaral.
D. Ituro lamang ang mga wika sa aklat.